

ANG

Bayan

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

Tomo XXVIII Bilang 4

Edisyong Pilipino

Hulyo-Agosto 1999

EDITORIAL



Puspang ilantad, labanan at ihiwalay ang reaksyunaryo, papet at pasistang rehimeng US-Estrada

Mabilis na umiigting ang krisis sa pulitika habang patuloy na rumaragasa ang krisis sosyo-ekonomiko. Ang higanteng aksyong protesta ng malawak na hanay ng mga pwersang progresibo at demokratiko nitong Agosto 20 ay patunay sa matinding diskuntento ng mamamayan, lumalawak na kilusang protesta at umiigting na banggaan ng mga reaksyunaryo. Nasa likod ng mga pangyayaring ito ang napakalalang krisis na ibayo pang pinasasahol ng reaksyunaryo, papet, pasista at maka-Marcos na patakaran ng naghaharing rehimeng US-Estrada.

Tungkulin ng Partido sa ganitong sitwasyon na matatag na pamunuan ang mamamayan sa pamamagitan ng pagmamartsa sa kanilang unahan at pagtuturo sa kanila ng wastong rebolusyonaryong landas. Ubos-kayang labanan ang mga pakana at pananalakay ng rehimeng US-Estrada, isulong ang pakikidigmang gerilya at mga pakikibaka at protestang masa at palawakin ang pagkakaisa ng masa ng sambayanan—alinsunod sa linyang anti-imperyalista, antipyudal at antipasista.

UBOS-KAYANG LABANAN ANG MGA PAKANA AT PANANALAKAY NG REHIMENG U.S.-ESTRADA, ISULONG ANG PAKIKIDIGMANG GERILYA AT MGA PAKIKIBAKA AT PROTESTANG MASA AT PALAWAKIN ANG PAGKAKAISA NG MASA NG SAMBAYANAN—ALINSUNOD SA LINYANG ANTI-IMPERYALISTA, ANTIPYUDAL AT ANTIPASISTA.

Ang higanteng rali nitong Agosto 20 ay hindi mangyayari kung hindi sa pinagsamang pagsisikap ng malapad na hanay na pinangunahan ng mga pinakarespetadong institusyon at personalidad na malawak ang impluwensya sa petiburgesyang lunsod, at todong mobilisasyon ng mga ligal na progresibong pwersa na bumuo ng pinakamalaking organisadong pulutong.

Pero nasa kaibuturan ng pagtalim ng krisis sa pulitika at pagpapanibagong-sigla ng kilusang protesta ang pagpapanibagong-lakas ng armadong rebolusyon at rebolusyonaryong kilusang masa sa pamamagitan ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Ang muling paglawak at paglakas ng nagsasariling pwersa at pakikibaka ng rebolusyonaryong kilusan ang nagbibigay ng tatag ng loob sa malawak na masa na tumindig at lumaban, ibayong nagpapaigting sa alitan ng mga reaksyunaryo at nagtutulak sa naghaharing rehimen sa mas desperado pang mga hakbang na lalo lamang nagpapabilis sa kanilang pagkakalantad at pagkakahiwalay dahil sa kanilang reaksyunaryo, papet at pasistang paghahari at patakaran.

Kaya matatag tayong magmartsa kasama ang lahat ng mga tunay na progresibo at positibong pwersa. Kaalinsabay, lalo rin nating pag-ibayuhin ang lahatang-panig na pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusan at ang pagtataguyod sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Mahigpit na magkakawing ang mga patakarang ito kahit pilit pinagbabangga ng mga sagadsaring

reaksyunaryo at anti-komunista, kabilang ang mga rebisyunista at oportunistang taksil.

Habang umi-igting ang krisis sa pulitika, lalong pinaigting din ng naghaharing rehimen ng US-Estrada ang anti-komunistang pananakot at pananalakay. Kapansin-pansin ang mga taktikang mapanghati ng naghaharing rehimen sa pamamagitan ng pag-aalok ng kompromiso sa mga reaksyunaryong anti-Estrada at anti-Marcos habang pinupuruhan ng paninira, intriga at marahas na pagsalakay ang rebolusyonaryong kilusan. Kabilang sa huli ang engrandeng militaristang pakanang Oplan Makabayan para sa todong pananalakay at “pagdurog” sa armadong rebolusyon.

Buong-siglang sinasalubong natin ang malaking pagsulong ng kilusang protesta ng mamamayan at ang tumitinding paglaban ng mga reaksyunaryong nilalamangan ng naghaharing rehimen ng US-Estrada. Buong-tatag na sinasalubong natin ang pag-igting ng labanan sa pagitan ng rebolusyon at kontra-rebolusyon, gayundin sa pagitan ng pasismo at antipasismo, ng maka-Marcos at anti-Marcos, ng maka-Estrada at anti-Estrada. Handa tayong isulong at paigtingin ang malawakang pakikibaka hanggang maibagsak ang naghaharing rehimen ng Estrada. **AB**

NASA KAIBUTURAN NG PAGTALIM NG KRISIS SA PULITIKA AT PAGPAPANIBAGONG-SIGLA NG KILUSANG PROTESTA ANG PAGPAPANIBAGONG- LAKAS NG ARMADONG REBOLUSYON AT REBOLUSYONARYONG KILUSANG MASA SA PAMAMAGITAN NG IKALAWANG DAKILANG KILUSANG PAGWAWASTO



NILALAMAN

Editorial	1
Agosto 20: Natitipong unos.....	3
Tatalim ang alitan ng mga reaksyunaryo.....	5
Oplan Makabayan.....	6
Tugon ng Timog Katagalugan sa OPMK.....	8
Hagupit ng globalisasyon sa mga mangingisda..	9
“Corporate scheme” ni Danding.....	12
Usaping “cocolevy”.....	13
Pag-iral ng mga kartel.....	14
Ika-50 Anibersaryo ng Rebolusyong Tsino.....	16
Balita.....	18

PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan

Agosto 20: Natitipong unos laban sa naghaharing pangkating Estrada

Mahigit 230,000 mamamayan ang humugos sa mga lansangan ng Lunsod ng Makati at iba't ibang panig ng bansa upang batikusin ang tumitinding pasismo at tipunin ang unos laban sa naghaharing pangkating Estrada. Nasa likod ng matatagumpay na raling ito ang mahigpit na pagtutulungan ng mga militanteng organisasyon ng mamamayang anakpawis, mga samahan ng petiburgesyang lunsod, ng pamunuan at mga organisasyon ng simbahang Katoliko at mga elementong anti-Estrada sa pangunguna ni Corazon Aquino.

Ayon sa mga pahayagan, halos 150,000 ang lumahok sa demonstrasyong idinaos sa mga lunsod ng Bacolod (60,000); Davao (40,000); Cebu (15,000); Lucena (10,000); Iloilo (8,000); Legazpi (5,000); Kabankalan (5,000); at sa bayan ng Digos, Davao del Sur (5,000).

Libu-libong mamamayan din ang lumahok sa magkakasabay na kilos-protestang ginanap sa iba't ibang lunsod at bayan sa buong kapuluan. Sa Luzon, naglunsad ng mga rali sa Ilocos Sur; La Union; sa mga lunsod ng Baguio at Dagupan; sa Bayombong, Nueva Vizcaya; sa San Fernando at Lunsod ng Angeles sa Pampanga; sa Baler, Aurora; Daet, Camarines Norte; Naga at Iriga, Camarines Sur; at sa Sorsogon. Sa Kabisayaan, libu-libo rin ang lumahok sa mga lunsod ng San Carlos at Dumaguete sa Negros; sa Kalibo, Aklan; at sa mga lunsod ng Ormoc at Tacloban sa Leyte. Sa Mindanao, ilang libo ang nagsipagtipon sa mga lunsod ng Iligan, Cagayan de Oro, Kidapawan at General Santos.

Inuudyok ng gubyernong Estrada ang malawakang protesta at paglaban ng mamamayan

Ang patuloy na paglubha ng krisis ng naghaharing sistema at ang sagad-sagarang pagpapakapapet at pasismo ng rehimeng US-Estrada ay nag-uudyok ng ibayo pang paglaban ng mamamayan sa kalunsuran at kanayunan. Tuluy-tuloy na natitipon ang unos ng malawakang pakikibaka ng mamamayan upang patalsikin ang reaksyunaryong gubyernong Estrada.

Kaalinsabay ng pag-igting ng armadong pakikibaka sa kanayunan, ang pagdaluyong ng mga dambuhalang demonstrasyon ay magdudulot ng maririing bigwas sa rehimeng Estrada. Kailangang pag-ibayuhin ang pagpapalawak at pagpapalakas ng antipasistang



prente at himukin itong magpunyagi tungo sa pagpapatalsik ng naghaharing pangkating Estrada at pagpalit dito ng isang gubyerno ng pambansang pagkakaisa at demokrasyang bayan.

Ibayong pinatitindi ni Estrada ang nagtingitngit na galit ng mamamayan sa pamamagitan ng:

- pagpaplanong baguhin ang konstitusyon ng Republika ng Pilipinas upang palalain pa ang mga antipambansang probisyon nito at burahin ang mga pamana ng antipasistang pakikibaka;
- panunupil sa karapatan sa pamamahayag at pagyurak sa karapatang-tao;
- pagpapanumbalik sa mga Marcos at mga pinakamasahol na alipures ng diktadurang Marcos;
- pagpapalaganap at pagpapalala ng korupsiyon at pagsasanib ng mga sindikatong kriminal at mga burukrata.

Sa pakanang baguhin ang konstitusyon, balak nina Estrada na ibenta nang pakyawan ang pambansang patrimonya at anumang nalalabing kasarinlang pang-ekonomya ng Pilipinas sa mga dayuhang monopolyo kapitalista. Kaugnay nito, balak ng rehimen na gawaran ang mga dayuhan ng walang-hangganang karapatan na magmayari ng lupa, mga bangko, negosyo sa masmidya, telekomunikasyon, pagtitingi at iba pa. Dagdag pa rito, bibigyan si Estrada ng awtokratikong kapangyarihan na pumasok sa mga tratado at kontrata sa mga dayuhan nang hindi sinisiyasat ninuman, kabilang na ang mga korte.

Sa ngalan pa rin ng “repormang pang-ekonomya”, plano ni Estrada at ng kanyang mga tauhan na pawiin ang kodigo ng mga karapatan na ibinunga ng antipasistang pakikibaka laban sa diktadurang Marcos. Nais ni Estrada na alisin yaong mga probisyon na nagtitiyak ng mga karapatan sa malayang pag-oorganisa, pagkilos at pagwelga na ikinakatwirang anti-pamumuhunan at disinsentibo sa pagpasok ng dayuhang negosyo sa bansa. Layunin niyang bigyan ng buong laya ang kanyang mga pasistang tauhan na mangumpiska ng mga ari-arian, arbitraryong mang-aresto, pumatay, magmasaker at gumawa ng iba pang mga paglabag sa karapatang-tao alinsunod sa direktiba niyang “pisain” ang rebolusyon at sa pagsisikap niyang alisin ang oposisyong pampulitika ayon sa estilo ng kanyang guro na si Marcos.

Ang pamimilit ni Estrada na ang mga pagbabago ay malilimita sa mga “repormang pang-ekonomya” na ito ay ginagamit na pantabing sa adyendang baguhin ang mga probisyong humahadlang sa pagpapatagal ng panunungkulan niya at ng mga pulitiko lagpas sa kasalukuyang nakatakandang taning.

Upang supilin ang kritisismo at protesta laban sa anti-demokratiko at makadayuhang patakaran ng gubyerno, binubusalan ni Estrada ang masmidya. Sa paraang ala-Marcos din, binraso ang mga may-ari ng *Manila Times* na ibenta at isara ang dyaryo matapos nitong ibunyag ang mga kwestyunableng kontratang binigyang-basbas ni Estrada. Gumagamit din si Estrada ng mga pailalim na maniobra upang paluhurin ang *Philippine Daily Inquirer* na matamang naglalantad ng mga maanomalyang kontrata at katiwalian sa gubyerno; at pwersahin ang ibang mga dyaryo na umalinsunod sa kumpas ni Estrada.

Inuudyok din ni Estrada ang malawakang galit ng mamamayan sa pagkakandili at pagbubukas nito ng pintuan upang ganap na makapanumbalik sa poder ang pamilyang Marcos at ang mga alipures ng diktadurang Marcos. Nagsasabwatan si Estrada at ang pamilyang Marcos upang ikubli at paghatian ang mahigit \$13-bilyong nakaw na yaman na nakadeposito sa Union Bank of Switzerland.

Bukod pa ito sa kutsabahan nina Estrada at Eduardo Cojuangco Jr. upang panatilihin nasa kamay ng huli ang mga ari-arian niyang nakamal sa pamamagitan ng pagkulimbat ng P100 bilyong pondong *coco levy*.

Iskandaloso na ang inabot na antas ng korupsiyon at katiwaliang burukratiko. Pangunahin dito ang maanomalyang panunumbalik ng mga Marcos at mga alipures nila at ang mga lihim na kasunduang binubuo nila ni Estrada hinggil sa mga nakaw na yaman. Kabi-kabila ang sumisingaw na mga kaso ng panunuhol at pagtanggap ng suhol, pagkabig ng mga kaibigan at kamag-anak ni Estrada sa malalaking kontrata ng mga obras publikas at paggamit ng mga pampublikong pondo tulad ng Social Security System (SSS) at Government Service Insurance System (GSIS) para sa pribadong negosyo. Lalong nakapagpapangitngit sa mamamayan ang koordinasyon ng pinakamatataas na upisyal ng pulisya at militar sa mga hari ng mga sindikatong kriminal upang bigyang-proteksyon ang operasyon ng mga sindikato sa iligal na sugal, pagbebenta ng droga at pagpapapasok ng mga kontrabando.


Ibayong magkaisa sa rali ng Setyembre 21

Ang pagbabalewala ni Estrada sa mga hinaing na ipinahayag sa mga rali ng Agosto 20 ay isang pag-uudyok sa mamamayan na maglunsad ng mas malalaki pang demonstrasyon sa Setyembre 21.

Nagtagumpay ang mga rali ng Agosto 20 sa kabila ng maruruming pakana at anti-komunistang pananakot ni Estrada upang hadlangan ito. Ngunit upang biguin ang balak ni Estrada na isalaksak sa lalamunan ng bayan ang mga anti-demokratiko at anti-pambansang pagbabago sa konstitusyon at patuloy na yurakan ang mga karapatang pampulitika, pang-ekonomya, panlipunan at sibil, kinakailangang patuloy na palaparin ang pagkakaisa ng papalawak na seksyon ng mamamayan at ibayong paigtingin ang mga protestang bayan.

Kinakailangang ipagpatuloy at lalo pang pahasayin ang anti-pasistang pagtutulungan ng mga militanteng organisasyon at ng mga tunay na progresibo at positibong pwersa, mga respetadong institusyon at mga inaagrabadong seksyon ng naghaharing uri. Kailangang biguin ang mga pagtatangka ni Estrada na hatiin ang antipasistang nagkakaisang hanay sa pamamagitan ng pananakot at panunuhol.

Nagsisilbing matibay na bag-as ng pagkakaisang ito ang mga militanteng organisasyon ng masang anakpawis, laluna ng mga manggagawa, na siyang bumuo ng pinakamalaking organisadong hanay sa rali ng Agosto 20. Ang pagpupunyagi ng mga militanteng manggagawa at masang anakpawis na labanan ang pagtataas ng presyo ng gasolina, para sa karagdagang sahod at laban sa iba’t ibang patakarang nagpapahirap sa kanila ay nagbibigay ng katatagan at nagtataas ng diwang mapanlaban ng antipasistang prente.

Tungkulin ng Partido na magmartsa sa unahan ng nagkakaisang hanay ng mga pwersang anti-Estrada at labanan ang mga anti-demokratiko at anti-mamamayang pakana ni Estrada habang patuloy na pinaigting ang pakikidigmang gerilya sa kanayunan at pinalalakas at pinalalawak ang pagkakaisa ng sambayanan para kamtin ang rebolusyonaryong pagbabago ng lipunan. 



Tatalim ang alitan ng mga reaksyunaryo hinggil sa pagbabago ng konstitusyon

Ang pamimilit ni Estrada na baguhin ang konstitusyon ng reaksyunaryong estado sa kabila ng malawakang pagbatikos dito ay nagtutulak ng lalo pang pagtatalim ng alitan ng magkakaribal na reaksyunaryong paksyon. Alam ng mga reaksyunaryong anti-Estrada na ang paulit-ulit na paggigiit ni Estrada na itutuon lamang sa mga probisyong pang-ekonomya ang isasagawang pagbabago sa konstitusyon ay pantabing lamang sa nais na ilusot na mga pagbabagong magbibigay ng higit na kapangyarihan at pribilehiyong pampulitika kay Estrada at sa kanyang mga alipures.

Nagbabadya ang isang mayor na krisis pampulitika ng naghaharing sistema na sumesentro sa usapin ng mismong pagiging presidente ni Estrada ng reaksyunaryong estado.

Isang pagmamaskara lamang ang paglalarawan sa sarili ng mga reaksyunaryong anti-Estrada na ang pagtutol nila sa pagbabago ng konstitusyon ay hindi nangangahulugang kontra sila kay Estrada. Layunin nila sa ngayon na mahikayat ang mga reaksyunaryong maka-Estrada na pumosisyon laban sa pagbabago ng konstitusyon. Ngunit sa harap ng pagmamatigas ni Estrada at pagkokonsolida ng kanyang hanay, kailangang hubarin ng mga reaksyunaryong anti-Estrada ang maskarang ito kung determinado silang hadlangan ang pagbabago ng konstitusyon at ipagtanggol ang kanilang sariling interes.

Muling binuo ni Estrada ang LAMP (“Lapian ng Masang Pilipino”) bilang isang partido upang maghanda sa “malalaking pampulitikang labanan”. Nais niyang matiyak na maipailalim niya sa kanyang kumpas ang mga kasapi ng LAMP upang isalaksak ang pagbabago sa konstitusyon. Sa kasalukuyan, tinitiyak ni Estrada na ang pamunuan at mayorya ng Kongreso at Senado ay napapabilang sa kanyang mga tapat na tauhan upang maipwersa ang pagbabago sa saligang batas sa kabila ng mahigpit na oposisyon.

Sa simula pa lamang ng pag-upo ni Estrada, agad nang naging malinaw na tatalas nang tatalas ang alitan ng mga reaksyunaryo. Malubha ang krisis panlipunan na nagtutulak sa mga

reaksyunaryo na maging desperado at mag-unahan sa pagkontrol ng mga negosyo at mga piling pwesto sa burukrasya.

Dalawang malaking kampo ng mga reaksyunaryo ang ngayo’y nag-uumpugan. Sa pangkalahatan, ito ay ang kampong maka-Marcos at kampong anti-Marcos. Ang naghaharing pangkating Estrada ang pangunahing kumakatawan sa unang kampo na kumandili at nagbukas ng malawak na pintuan upang ganap na makapanumbalik ang mga Marcos sa poder at mabawi o mapangalagaan ang kanilang mga nakaw na yaman. Binubuo ito ng pamilyang Marcos at mga alipures ng diktadurang Marcos na ngayon ay nakapanumbalik na sa kapangyarihan sa pamamagitan ni Estrada.

Sa kabilang dako ay ang kampong anti-Marcos na binubuo pangunahin ng mga reaksyunaryo na nilamangan ni Marcos mula 1972 hanggang 1986, nakaupo sa pwesto mula 1986 ngunit ngayo’y muling inaagrabyado ng naghaharing pangkat.

Ang walang pakundangang panlalamang ng naghaharing pangkating Estrada sa interes ng ibang seksyon ng naghaharing uri at ang ala-Marcos na pagsasarili ng pakinabang at poder ng estado ay nagtutulak sa kampong anti-Estrada/Marcos na aktibong tumindig bilang oposisyon sa pulitika. Kumikitid ang puwang at nangangamba ang mga elementong anti-Estrada/Marcos na tuluyang mapagkaitan ng karapatan at ari-arian sa ala-Marcos na pagmomonopolyo ni Estrada sa estado poder.

Ang alitan sa pagitan ng mga reaksyunaryo hinggil sa pagbabago ng konstitusyon ay isang positibong bagay para sa rebolusyonaryong kilusan. Kailangan itong samantalain upang pahinain ang poder ng naghaharing reaksyunaryong pangkat. Nasa interes ng mga reaksyunaryong anti-Estrada/Marcos na mapabilang sa isang malawak na antipasistang prente ng mamamayan. Wastong maging bukas ang mga progresibo at militanteng pwersa sa kanilang pakikipagtulungan para sa layuning labanan at biguin ang mga anti-demokratikong pakana ng rehimeng Estrada. **AB**

Oplan Makabayan:

Pasistang pakana ng rehimeng US-Estrada



Sa sagadsaring reaksyunaryo at makitid na pag-iisip ni Estrada, “pagbeybi” ang anumang hindi sukdulang brutal na pakikitungo sa rebolusyonaryong mamamayan. Kaya noong Setyembre 1998, halos kauupo pa lamang niya sa Malakanyang, agad ikinasa ni Estrada ang militaristang patakaran at planong Oplan Makabayan (OPMAK) para sa todong opensibang militar at “pagdurog” sa rebolusyonaryong kilusan—kahit sa ilang panahon ay naobligang siyang magpakitang-tao ng paggalang sa noo’y nagpapatuloy pang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at Pambansang Demokratikong Prente.

Mas masahol pa, ang militarismo at pasismo ng rehimeng US-Estrada laban sa rebolusyonaryong kilusan ay hindi maihihiwalay na bahagi ng reaksyunaryo at papet na adyenda na sumugal sa todong pangangayupapa sa imperyalismong US at dayuhang monopolyong kapital at sa pagpapabalik sa kapangyarihan ng mga Marcos at mga pinakamasahol na kroni nila. Pinaaalingawngaw ang lumang tugtugin ng anti-komunistang pananakot para bigyang-matwid at pagtakpan ang patakarang sagadsaring reaksyunaryo, papet at maka-Marcos.

Nasa likod ng patakarang ito ang matinding hangad na makihati sa bilyun-bilyong kulimbat ng mga Marcos, sarilinin ang mga pribilehiyo at pakinabang ng kapangyarihan at proteksyunan ang kapit ng kanilang paksyon sa kapangyarihan—habang ipinagtatangol ang bulok na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal sa harap ng napakatinding krisis at tuluy-tuloy na pagpapanibagong-lakas ng rebolusyonaryong kilusan.

OPMAK

Ang Oplan Makabayan (OPMAK) ni Estrada ay kapuna-punang pagpihit mula sa Oplan Kaisaganaan ni Ramos. Bagamat hindi nahuhuli sa pagiging reaksyunaryo at kontra-rebolusyonaryo, ang Kaisaganaan ay nagtangkang magpalawak ng mga pampulitikang pamamaraan ng paglansag sa rebolusyonaryong kilusan kahit walang humpay ang mga opensibang militar

sa mga larangang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Sinamantala niyon ang malalaking pinsalang idinulot sa Partido at kilusan ng malulubhang internal na paglihis at pagkakamali at pananabotahe ng mga rebisyunista at oportunistang taksil, gayundin ang pansamantalang kasiglahan sa pinansya at komersyo dala ng pagdagsa ng ispekulatibong dayuhang kapital sa bansa.

Nangarap si Ramos na di na magtatagal ang lubos na pagkawasak ng rebolusyonaryong kilusan. Minaliit ang armadong rebolusyon bilang papaliit na problema ng pulisya; at ginawang bagong prayoridad ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang “modernisasyon” para ipantapat sa mga “kalabang eksternal”. Hindi inakala ni Ramos at mga reaksyunaryo ang pagtatagumpay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, gayundin ang labis na

**ANG MILITARISMO AT
PASISMO NG REHIMENG
U.S.-ESTRADA LABAN SA
REBOLUSYONARYONG
KILUSAN AY HINDI
MAIHIHIWALAY NA BAHAGI
NG REAKSYUNARYO AT
PAPET NA ADYENDA NA
SUMUGAL SA TODONG
PANGANGAYUPAPA SA
IMPERYALISMONG US AT
DAYUHANG MONOPOLYONG
KAPITAL AT SA
PAGPAPABALIK SA
KAPANGYARIHAN NG MGA
MARCOS AT MGA
PINAKAMASAHOL NA KRONI
NILA.**

kabuwayan ng pagsiglang pinansyal at komersyal na nakasalalay sa ispekulatibong kapital.

Sa Oplan Makabayan ni Estrada, muling inilagay sa tuktok ng prayoridad ng AFP at Philippine National Police (PNP) ang “counter-insurgency,” isinaisantabi sa kalakhan ang “modernisasyon,” walang pakundangang nilapastangan at tinapos ang usapang pangkapayapaan, mabilis na pinalalawak muli ang Citizens’ Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) at pinaigting ang mga opensibang militar para “sugpuin” ang rebolusyonaryong kilusan. Ang mga pwersa ng AFP-PNP at CAFGU ay malawakang ipinapakat sa mga larangang gerilya ng BHB. Pinatitindi ang pagmamanman, panggigipit at pananakot sa mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa sa kanayunan at kalunsuran.

Ang mga ahensyang sibilyan ng reaksiyunaryong estado, gayundin ang mga reaksiyunaryo at kunwa’y progresibong NGO (*non-governmental organization*) at ang mga proyektong sosyo-ekonomiko ay kinakasangkapan para sa mga operasyong militar, paniktik at sikolohikal ng OPMak. Itinayo ang nakabukod na makinarya ng AFP para sa mga “operasyong sikolohikal” at pagmamanipla ng mga balita at ng masmidya. Pinalalakas din ang makinarya para sa “opensibang ligal”, kabilang na ang mga reaksiyunaryong hukuman, para kriminalisahin ang iba’t ibang anyo ng rebolusyonaryo at progresibong paglaban, gipitin at sukulin ang mga rebolusyonaryo at progresibo at pagtakpan ang mga pasistang pang-aabuso sa karapatang-tao.

Gaya sa serye ng mga Oplan Lambat-Bitag at sa Oplan Kaisaganaan, ang mga kampanya at operasyong militar laban sa BHB ay umiinog pa rin sa

konsepto ng *triad operations*: operasyong sibiko-militar (*civic-military operations* o *CMO*), operasyong paniktik at operasyong militar. Gayundin, ginagamit nito ang kabuuang pamamaraan ng mga kampanya at operasyon na tinaguriang “paglinis, paghawak, pagkonsolida at pagpapaunlad” (*clear, hold, consolidate and develop* o *CHCD*) .

Pero bilang tugon sa malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya ng BHB, malaki ang timbang na ibinibigay ng OPMak sa pagsasanay, pagbubuo at paggamit ng relatibong maliliit na mga espesyal na yunit na kontragerilya (mga *Scout Ranger* at *Special Forces*). Masinsin at mas papaigting pa ang mga operasyong militar sa kanayunan bagamat di kasinlaki ni kasintagal ng mga kampanyang laking-brigada na tumampok sa Lambat-Bitag.

Bukod sa pagsira sa usapang pangkapayapaan, ang OPMak sa maikling panahon ng implementasyon nito ay labis nang nakapagpasahol sa sitwasyon

ng mamamayan sa kanayunan at kalunsuran. Lalong pinalaganap at pinasidhi nito ang mga pag-abuso sa karapatang-tao laluna ng mga maralita sa nayon at lunsod. Ibayong dumami at sumahol ang mga pagbitay nang walang paglilitis, pagpapahirap sa mga nadadakip, mga iligal na pag-aresto at paghahalu-hog, mga pagblokeyo ng

**ANG UMIIGTING NA PANUNUPIL AT
KARAHASAN LABAN SA MGA
REBOLUSYONARYO AT PROGRESIBONG
PWERSA AY KASABAY NG UMIIGTING DING
PANINIKIL SA MASS MEDIA AT PAGTUTULAK
NG REHIMENG ESTRADA NG HIGIT PANG
PAGPAPALAWAK NG MGA RESTRIKSYON SA
MGA DEMOKRATIKONG KARAPATAN.**

pagkain, paglapastangan sa kababaihan at iba pang anyo ng pasistang pang-aabuso. Sa kalunsuran, tinutugis at ginigipit ang mga ligal na progresibong organisasyon at personalidad.

Ang umiigting na panunupil at karahasan laban sa mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa ay kasabay ng umiigting ding paninikil sa masmidya at pagtutulak ng rehimeng US-Estrada ng higit pang pagpapalawak ng mga restriksyon sa mga demokratikong karapatan. Ang mga reaksiyunaryo, papet at pasistang pakana ng rehimeng US-Estrada, kabilang na ang OPMak, ay mabilis na nagpapasidhi ng mga tunggalian sa lipunan at ng krisis sa pulitika ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Mabilis ding inilalantad at inihihawalay nito ang rehimeng US-Estrada bilang rehimen ng pinakamasahol na mga alipures ng kinamumuhiang pasistang diktadurang Marcos.

Pagtingin ang pakikidigmang gerilya at kampanyang masa

Walang bago sa konsepto at estratehiya ng Oplan Makabayan na ikagugulat pa ng rebolusyonaryong kilusan. Ang oplan ay kalipunan ng lipas na pangarap na wasakin ang pampulitikang istruktura ng Partido sa kanayunan at kalunsuran at baog na pormula ng pasistang pananalakay laban sa mamamayan.

Lumakas ang rebolusyonaryong kilusan sa panahon ng diktadurang US-Marcos sa kabila ng mga pasistang pananalakay. Hindi nahadlangan ng estratehiyang *low intensity conflict* ng imperyalismong US ang pagsulong nito. Ang patakarang gerang lahatang-panig at mga pinatinding ►

Tugon ng Timog Katagalugan sa Oplan Makabayan:

Taktikal na opensiba, kilusang masa

Mula kalagitnaan ng 1998, tinambakan ng pasistang pwersang militar at pulis ang Timog Katagalugan. Ipinwesto sa rehiyon ang 3rd Scout Ranger Battalion, bukod pa sa 4th Special Forces Battalion. Ikinonsentra rito ang mga batalyon ng 2nd Infantry Division bukod pa sa buong pwersa ng First Marine Brigade na nagsasagawa ng Oplan Galugad sa Palawan. Patuloy na nakatalaga sa rehiyon ang dating pwersa ng Philippine National Police (PNP) Mobile Group.

Bukod sa mga regular na tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP), muling binubuo at pinalalaki ang mga yunit ng Citizens' Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) at ang Civilian Volunteers Organization. Pinalaki ng Department of National Defense ang badyet ng CAFGU sa P870 milyon (mula P512 milyon noong 1998) para sa 1999 alinsunod sa Oplan Makabayan—ang kasalukuyang pakanang kontra-rebolusyonaryo ng rehimeng US-Estrada.

Higit pa, ibayong pinalalawak at pinalalakas ang lambat-paniktik ng AFP at PNP sa mga baryo, mga komunidad, mga pabrika, mga paaralan at iba pang sentro ng populasyon. Sapin-sapin ang mga yunit paniktik ng AFP at PNP sa rehiyon na nagbubuo ng kani-kanyang mga lambat ng mga importer sa iba't ibang antas.

Sa Oplan Makabayan, itinakdang numero unong prayoridad ang pagpapaigting ng kontra-rebolusyon sa Timog Katagalugan. Tinukoy ang halaga ng rehiyon dahil kanugnog ito ng pambansang kapitolyo at mainam na pwesto para sa propagandang pambansa ng rebolusyonaryong kilusan. Nangunguna rin ang rehiyon sa pagsusulong ng pakikidigmang gerilya at kilusang

masa.

Batid ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang mga implikasyon ng konsentrasyon ng bira ng OPMAK sa kanilang saklaw. Determinado itong labanan nang ubos-kaya ang kontra-rebolusyonaryong pakana ng kaaway sa pamamagitan ng higit pang pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba at kilusang masa, alinsunod sa linya ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na nagtatamasa ng papalawak at papalalim na suportang masa.

Bunga ng oplan na sinimulan noong 1998, nakaranas ng ilang kahirapan sa gawain ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) at ang rebolusyonaryong mamamayan. Lalong lumaganap ang lansakang paglabag sa karapatang-tao ng mamamayan. Ang pinakahuling pangyayaring kaugnay nito ay ang pagdukot sa tatlong magsasaka ng Maragondon, Cavite nitong Hulyo 14 na hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa inililitaw ng mga militar. Iligal na inaresto nitong Hulyo 23 sa Oriental Mindoro sina Noel Barrientos at Ruel Landicho, kapwa mga myembro ng Kalipunan ng Makabayang Mindoreño.

Subalit sa kabila ng pananalasa ng mga opensibang militar ng AFP at PNP sa mga sona at larangang gerilya sa Timog Katagalugan at maging sa mga progresibong pwersa sa kalunsuran, pinasisigla ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at kilusang masa sa rehiyon.

Mula 1998 hanggang sa kasalukuyan, may mahigit na 30 taktikal na opensibang inilunsad sa buong rehiyon. Kinatampukan ito ng mga operasyong isparo, ambus, reyd at isnayping. Kabilang dito ang taktikal ▶



◀ pakikidigmang sikolohikal ng rehimeng Aquino at Ramos ay hindi nakasagka sa ibayong pag-unlad ng rebolusyonaryong kilusan sa ideolohiya, pulitika, organisasyon at militar.

Nasa pusisyon ang Partido at BHB upang ibayo pang paigtingin ang pakikidigmang gerilya. May 81 larangang gerilyang sapat ang lakas sa buong kapuluan upang matatag na harapin at biguin ang OPMAK. Mayroon itong kakayahang maglunsad ng mga taktikal na opensiba at isulong ang pampulitikang kampanya laban sa pasistang layon ng oplan. Higit kailanman, armado ang mga rebolusyonaryong pwersa ng kaalaman sa mga ispesipikong kalagayan ng mga lugar na kinikilusan upang gupuin ang oplan.

Ang lagim na ihasasik ng Oplan Makabayan ay dagdag na gatong sa nagliliyab na galit ng taumbayan. Tiyak ding bibiguin ang OPMAK at itatapon sa kangkungan ng kasaysayan. AB

Ang malupit na hagupit ng liberalisasyon at deregulasyon sa sektor ng pangisda



Ang larawan ng sektor ng pangisda sa Pilipinas ay larawan ng krisis: Bunga ng mga patakaran ng liberalisasyon at deregulasyon, pinag-iibayo ng mga dayuhang monopolyo kapitalista, kasabwat ang lokal na kumprador burgesya at malalaking panginoong maylupa, ang kanilang pananalasa rito. Milyun-milyon ang tinutubo ng malalaking dayuhan at lokal na kapitalista sa pangisda, sa harap ng tumitinding paghihikahos ng mga maralitang mangingisda at manggagawa sa pangisda. Samantala, gawa pa rin ng mga buktot na patakarang pabor sa dayuhan at lokal na naghaharing uri, bumabagsak taun-taon ang dati'y masaganang aning isda ng bansa. Lalong nagiging masakit na biro ang “seguridad sa pagkain” na ipinangangalandakan ng rehimen. Malawakang diskuntento ang iniluluwal ng naturang kalagayan, diskuntentong tumutungo sa rebolusyonaryo at militanteng pagkakaisa at paglaban ng masang mangingisda.

◀ na opensiba na inilunsad nitong Hulyo sa Romblon at Marinduque na pawang mga unang opensiba ng BHB sa dalawang prubinsya. Mula 1998, nakakumpiska ang BHB ng 35 iba't ibang kalibreng armas. Nakapaslang din ito ng 23 at nakasugat ng 10, na ang karamiha'y mga tropa ng AFP, PNP at CAFGU, at ang iba pa'y *goons* ng mga panginoong maylupa at iba pang masasamang-loob.

Tuluy-tuloy din ang paglulunsad ng pakikibakang antipyudal laluna sa mga prubinsya ng Quezon, Laguna at Occidental Mindoro. Laganap ang protesta ng mamamayan laban sa *quarrying* at pagmimina. Matapang na isinusulong ng masa ang iba't ibang aksyong protesta at pakikibakang masa laban sa mabilis na lumulubhang mga pasistang pang-aabuso at iba pang paglabag sa karapatang-tao.

Higit pa, ang pagsigla ng mga taktikal na opensiba ng BHB sa ibang rehiyon, laluna sa Timog at Hilaga-Silangang Mindanao at sa Gitnang Kabisayaan ay hindi maliwasang humatak sa pansin at pwersa ng AFP. Ngayon pa lamang, ang mataas na pamunuan ng AFP

ay obligadong magpalipat-lipat ng pwersa sa Luzon, Visayas at Mindanao sa pagkukumahog na agapan ang pag-igting ng pakikidigmang gerilya ng BHB at pagsiklab ng mga protesta at pakikibakang masa. Palagi ring nakaambang sumambulat ang malakihang sagupaan sa pagitan ng AFP at Moro Islamic Liberation Front.

Matibay ang pananalig ng rebolusyonaryong kilusan sa Timog Katagalugan na walang kahihinatnan ang Oplan Makabayan kundi ang imbing pagkabigo at malalim na pagkamuhi ng mamamayan. Pinanghahawakan ng kilusan sa rehiyon ang mahabang rebolusyonaryong tradisyon ng mamamayan sa Timog Katagalugan, ang konsolidasyon ng Partido at kilusan sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, ang patuloy na lumalawak at lumalakas na pagsuporta ng mamamayang hindi na makatiis sa labis-labis na pagsasamantala at pagpapahirap ng mga reaksyunaryong naghaharing uri at ang patuloy na lahatang-panig at matatag na pagsulong ng armadong rebolusyon sa iba't ibang dako ng kapuluan. **AB**

Malaki at makabuluhan ang sektor ng pangisda sa Pilipinas dahil sa pulu-pulong katangian ng bansa. Umaabot sa walong milyon, o halos 10% ng populasyon, ang dami ng mangingisda rito. Ang pangisda at pagsasaka ang dalawang haligi ng pangunahing sektor ng lokal na ekonomya.

Ang karagatan at mga ilog sa bansa ay kabilang sa pinakamayaman sa isda at iba pang yamang-tubig. Sa buong mundo, ika-11 ang bansa sa dami ng

isda ng nahuhuli. Ikatlo rin ito sa Asya. Ikalawa ang Pilipinas sa Indonesia sa dami ng nahuhuling *tuna* sa Indian Ocean at Timog Silangang Asya. Isa ito sa pangunahing tagasuplay ng *tuna* sa US. Una rin ang bansa sa produksyon ng damong-dagat (*seaweeds*) at iba pang halamang tubig.

Ngunit sa kabila ng yamang taglay ng ilog at karagatan sa bansa, mahigit kalahati (humigit-kumulang 4.3 milyon) sa mga mangingisdang Pilipino ay nabibilang sa pinakamababang 30% ng populasyon sa usapin ng kita. Siyamnapu't limang porsyento (95%) ng bilang na ito ay mga maralitang mangingisda, na tulad ng kanilang kauring masang magsasaka, ay dumaranas ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa kamay ng mga komersyante at malaking burges kumprador.

May tatlong saray na nakapaloob sa sektor ng mangingisda. Ang una'y ang malalaking komersyanteng mangingisda na nagmamay-ari ng mga modernong barkong pangisda at malalaking palaisdaan at kadalasa'y may kasosyong dayuhan; ang panggitnang mangingisda na nagmamay-ari ng mga bangkang de-motor at ibang gamit sa pangangisda na katamtaman ang laki at kakayahan; at ang maralitang mangingisda na walang sariling bangkang pangisda o nagmamay-ari lamang ng maliliit na bangka na kadalasa'y walang motor at may mahihinang uri ng lambat at iba pang gamit pangisda.

Ibayong lumala ang kalagayan ng maralitang mangingisda at ng buong sektor ng pangisda sa bansa mula noong dekada '70, nang manalasa ang mga patakaran ng liberalisasyon at deregulasyon. Sa pamamagitan ng mga patakarang ito, sistematikong pinapaboran ng reaksyunaryong gubyerno ang interes ng mga dayuhan at malalaking komersyanteng mangingisda at sinisikil ang karapatan ng maralitang mamamalakaya.

Liberalisasyon at deregulasyon: Dagdag na pabigat sa mangingisda

Ipinatupad ng diktadurang Marcos noong 1972 ang "partial liberalization" sa pamamagitan ng pagbubukas ng pangisda sa mga dayuhan at pagprayoritisa sa direktang

dayuhang pamumuhunan sa naturang sektor. Inaprubahan din ang "malayang kalakalan" at pagpawi sa lahat ng taripang ipinapataw sa importasyon ng isda at kaugnay na produkto sa ilalim ng RP-Japan Treaty of Amity,

Commerce and Navigation. Idinikta ng World Bank ang pagpapatupad ng lubos na liberalisasyon sa pangisda noong 1980 bilang kundisyon sa dayuhang pautang.


Bunga nito, unti-unting itinigil ng gubyerno ang mga subsidyong

ibinibigay sa maliliit at panggitnang mangingisda. Inengganyo ang malalaking korporasyon na magtayo ng mga palaisdaan at binigyang-diin ang mga sosyong dayuhan at lokal sa pag-import at -eksport ng isda. Pati mga daungan at *refrigeration plant* ay "ipinaupa" sa mga dayuhan. Ang mga naturang pagbabago ay paghahanda para sa pagbwelo ng lubos na liberalisasyon at deregulasyon sa pangisda pagsapit ng dekada '80.

Sa ilalim ni Ramos, lalong binigyang-diin ang pagtutuo ng pangisda sa eksport. Hinikayat ang komersyal na pangangisda at ang pagtatayo ng mga palaisdaan (*aquaculture*) habang sistematikong sinikil ang maliitang pangangisda sa mga baybayin o mga pangisdaang munisipal.

Alinsunod rito, ang mga komersyal na *trawler* (yaong mahigit tatlong tonelada ang timbang) na dating pinagbabawalang mangisda sa mga pangisdaang munisipal ang siya ngayong nagmimistulang hari sa naturang mga pinangingisdaan ng mga maralita. Dahil sa laki ng kanilang mga lambat, ang malalaking *trawler* ay halos walang itinitirang isda para sa mga maralitang mangingisda. May 3,000 komersyal na *trawler* ang ngayo'y namamayagpag sa iba't ibang pangisdaang munisipal sa buong bansa.

Pinalawak din ang saklaw ng mga Fishpond Lease Agreement (FLA). Ang mga may hawak ng FLA ay binibigyan ng karapatang gawing pribadong kunsesyon at tayuan ng mga palaisdaan ang mga lupa sa baybayin at mga komunal na pinangingisdaan sa loob ng 50 hanggang 75 taon. Sa pamamagitan nito, pinagkakaitan ng kabuhayan at karapatan ang daan-daan libong maralitang mangingisda at magsasaka na dating naki-kinabang sa naturang lupa at tubig. Sa ngayon, mayroong 3,705 FLA holder na kumokontrol sa tinatayang may 64,530 ektarya sa buong bansa. May 2,784 pang aplikasyon para sa FLA na pinoproceso.



Aquafarming: Buktot na prayoridad

Sa kabila ng mapangwasak na katangian ng komersyal na *aquaculture*, ito ang itinuturing na prayoridad ng reaksyunaryong gubyerno. May 39 na pook sa walong rehiyon sa buong bansa ang tinukoy na Aquaculture Management Area. Ito ang katumbas ng mga Key Production Area sa pagsasaka.

Noong 1988, ipinasa ng reaksyunaryong kongreso ang RA 7881 na nag-alis ng mahigit 800,000 ektarya ng mga palaisdaan at sugpuan sa saklaw ng Comprehensive Agrarian Reform Program. Apektado rin sa naturang batas ang mahigit 700,000 mangingisda at mga 200,000 manggagawa sa *aquaculture*.

Karamihan sa mga nagmamay-ari ng malalaking *aquafarm*, kundiman mga dayuhan at lokal na korporasyon, ay mga malaking panginoong maylupa. Tinatayang 77% ng mga palaisdaan sa wawa ng mga ilog (na sumasaklaw sa 94% ng kabuuang erya ng mga *aquafarm* sa buong bansa) ay nasa kanilang kamay. Isa sa mga pinakamalaking may-ari ng mga *aquafarm* ay si Kong. James Chiongbian, ang nagpanukala ng RA 7881. Mayroon siyang 200 ektaryang palaisdaan sa Bulacan at Saranggani. Nang ipasa ang RA 7881, mayroong di kukulagin sa 25 kongresman ang nagmamay-ari o may hawak ng *stocks* sa malalaking palaisdaan at sugpuan o sangkot sa iba pang negosyo sa pangisda.

Katulad ng nagaganap sa pagpapalit-gamit ng mga lupang sakahan, ang paglaganap ng komersyal na *aquaculture* ay nagbubunga ng malawakang kawalan ng kabuhayan at gutom sa mga mangingisda at magsasaka. Sa isang kaso, daan-daang pamilya ng mangingisda at magsasaka ang nawalan ng hanapbuhay at 400 ektarya ng bakawanan (*mangrove forest*) ang sinira nang magtayo ang Dole Philippines, isang dambuhalang korporasyong multinasyunal sa agribisnes, ng *aquafarm* sa bayan ng Kiamba sa Saranggani. Bago nito, mayroon nang 143 ektarya ng sugpuan ang Dole sa Lunsod ng Cotabato.

Malinaw ang maka-imperyalista at antimasang disenyo ng reaksyunaryong gubyerno sa mga restriksyong ipinapataw nito sa pangangisdaang munisipal at sa pagtataguyod nito sa komersyal na *aquafarming*. Mga inangkat na *bio-engineered* na isda ang pinalalaganap sa mga palaisdaan na nangangailangan ng malawakang importasyon ng *feeds* mula sa mga dayuhang korporasyong agribisnes. Minomonopolisa o kinokontrol ng mga *aquafarm* ang tubig na dapat ay komunal na pag-aari ng mamamayan sa lokalidad.

May iba pang pangmatagalang pinsalang dulot ang malawakan at komersyal na pagtatayo ng mga

komersyal na *aquafarm*: ang pagpigil sa pagdami ng mga isda bunga ng pagkawala ng mga bakawanan at pagkamatay ng mga *coral reef* na nagsisilbing itlугan at tirahan ng mga isda. Ayon mismo sa estadistika ng gubyerno, mula 1996 ay patuloy na lumiit ang dami ng isdang nahuhuli samantalang papalaki ang produksyon ng mga palaisdaan. Batay sa mga target ng Medium-Term Philippine Development Program ng rehimeng Ramos, itinakda ang paglago nang 5.8% taun-taun ng *aquaculture* at 4% ng komersyal na pangangisda. Samantala, lilimitahan ang paglago ng pangangisdaang munisipal sa 2% lamang taun-taon.


Krisis sa pangisda

Habang nananatiling pangunahing paraan ng produksyon ang pangangisdaang munisipal, mula 1990 hanggang 1995 ay bumabagsak na nang humigit-kumulang 2.2% taun-taon ang dami ng nahuhuling isda ng mga mangingisda rito. Lumiit na rin ang bahagi ng kabuuang produksyon na nagmumula sa kanila (mula 50.94% noong 1980 tungo sa 36% na lamang noong 1995). Kaya't sa kabila ng katotohanang napakayaman ng bansa sa isda, ang Pilipinas ay nananatiling isa sa pangunahing tagapag-angkat ng iladong sardinas, salmon at *tuna* para sa mga lokal na pagawaan ng delata at pagkaing isda para sa mga hayop.

Dahil din sa pagsikil ng gubyerno sa kabuhayan ng mga mangingisdaang munisipal, lumiit ang kanilang bilang mula 773,042 noong 1986 patungong 675,677 na lamang noong 1995 (sumasalamin sa 13% pagliit sa loob ng siyam na taon). Subalit sa kanilang pagbaling sa ibang hanapbuhay sa kanayunan man o kalunsuran, matinding pagsasamantala at pang-aapi pa rin ang kanilang dinaranas.

Isinabatas noong 1997 ang Agriculture and Fisheries Modernization Act (AFMA) o RA 8435, na ibayong nagpapatibay sa mga maka-imperyalista at antimasang patakaran sa pangisda ng mga naunang rehimen. Si Edgardo Angara, ang pangunahing nagpanukala ng batas na ito, ang itinalagang Kalihim sa Agrikultura ni Joseph Estrada. Nangangahulugan lamang ito na isasagad pa ng rehimeng Estrada ang liberalisasyon at deregulasyon sa pangisda.

Wala itong ibang maaaring ibunga kundi ang paglubha ng krisis sa pangisda at sa kabuuang sektor ng agrikultura. Ibayong kawalan ng hanapbuhay, gutom at paghihirap ang papasanin ng masang mangingisda.

Sa aba nilang kalagayan, wala na silang ibang masusulingan kundi ang paglaban. 



Ang 'corporate scheme' ni Danding:

Ibayong pahirap sa mga magsasaka

May bago nang bansag sa ligal na pangangamkam ng lupa: Ang "corporate scheme" ni Eduardo 'Danding' Cojuangco, na idineklarang Administrative Order No. 9 (AO 9) ng Department of Agrarian Reform (DAR). Ito ay umaakma sa Agriculture and Fisheries Modernization Act (AFMA) ng guberno na nang-eengganyo sa malalaking lokal at dayuhang kapitalista na lubusang ariin at pakinabangan ang likas-yaman ng Pilipinas at pagsamantalahan ang mamamayang Pilipino.

Lalong pinalalala ng "corporate scheme" sampu ng AFMA ang tigib nang kahirapan ng mga magbubukid. Pinaigting ang malapyudal at pyudal na pagsasamantala at pang-aapi sa kanila, habang pinabibilis ang pagkamal ng yaman ng malalaking negosyante-asendero gaya ni Cojuangco.

Isinasalaksak ito sa kalagayang mismong ang guberno na papet ng imperyalismong US at kinatawan ng mga kroni ni Marcos ang naglalako ng mga lupain at kagubatan ng bansa para maging 100% pag-aari ng mga dayuhan, todo-todong nag-aangkat ng mga produkto sa napakamurang halaga, at marahas na nang-aagaw ng lupa sa mga magbubukid.

Balik-tanaw sa "corporate scheme"

Pumapatungkol ang "corporate scheme" sa pagtatayo ng mga "kooperatiba ng magsasaka" na nakapailalim at mahigpit na nakatali sa isang korporasyon. Dito, ang mga magsasakang kabilang sa "kooperatiba" ang magbubungkal ng lupa na kanilang pag-aari diumano habang ang korporasyong kanilang "kasosyo" ang bahalang mamuhunan sa kapital, teknikal na espesyalisasyon at kagamitan at higit sa lahat, kumontrol sa negosyo at paggamit sa lupa. Ito diumano ay isang paraan, at modelo pa ngang paraan, ng pamamahagi ng lupa sa mga magsasakang walang lupa sa ilalim ng programa ng huwad na reporma sa lupa.

Inilabas ang "corporate scheme" bilang isa na namang pagkukunwari sa reporma sa lupa habang tahasang itinataguyod ang interes ng mga panginoong maylupa laban sa masang magsasaka. Subalit bagong tatak lamang ito ni Danding sa "stock-sharing scheme" na sinimulan ng kanyang mga pinsan na taga-Hacienda Luisita sa Tarlac. Ginaya ni Danding ang pakanang ito sa kanyang transaksyon sa mahigit 4,000 ektarya ng lupain niya sa Negros.

Sa "korporatiba", nagtatayo muna ang mga asendero ng korporasyong pagmamay-ari nila upang pangasiwaan ang kanilang lupain. Pagkatapos ay namamahagi ng mga likhang-isip na "sapi" ng korporasyon sa isang "kooperatibang" itinayo rin ng panginoong

LALONG PINALALALA NG
"CORPORATIVE SCHEME" SAMPU NG
AFMA ANG TIGIB NANG KAHIRAPAN
NG MGA MAGBUBUKID.



maylupa at kinabibilangan ng mga kasamang magsasaka. Ito'y upang magmistulang kapwa "may-ari" ng lupa na binubungkal nila ang mga kasamá. Pinangangakuan din ang huli ng bahagi sa tubong kikitain mula sa ani. Ngunit dahil ang negosyante-asendero ang may kontrol sa takbo ng "sosyohan", madali nilang namamanipula ang pagkukwenta ng ani at tubo upang walang mapala o kaunti lamang ang makuhang pakinabang ng mga magbubukid.

Danding: Salot sa mga magsasaka

Ang implementasyon ng "corporate scheme" ni Danding Cojuangco ay patunay ng sabwatan niya at ng rehimeng US-Estrada upang mabawi ni Cojuangco ang kanyang nakaw na yaman at lubusan siyang makapanumbalik sa kapangyarihan. Paghahanda rin ito ni Danding sa balak niyang maging pangunahing kasosyo ng mga multinasyunal na korporasyong agribisnes at pagmimina na animo'y mga ibong mandaragit na dadagsa sa bansa oras na magtagumpay si Estrada na pawiin ang mga nalalabing restriksyon

sa saligang batas laban sa mga negosyong dayuhan.

Subalit patuloy na sumisingaw ang kontra-magsasakang katangian ng “corporate scheme”.

Pinasinungalingan ng mismong mga magbubukid ng Negros ang ipinagbubunyi ng gubyernong “libreng pamimigay” ni Danding ng lupain. Inilantad nila ang papeles na nagpapatunay na pinagbabayad ng ECJ & Sons Agricultural Enterprises, Inc. (na pag-aari ni Cojuangco at siyang korporasyong sangkot sa “stock-sharing” sa 4,631 ektarya ng lupa sa Negros) ang mga magbubukid ng P350,000 bawat ektarya sa loob ng 10 taon.

Kakutsaba ni Cojuangco ang reaksiyunaryong gubyerno sa panloloko sa mga magbubukid. Noong nakaraang taon, inaprubahan ni Antonio Cerilles, kalihim ng Department of Environment and Natural Resources (DENR), ang pagkakaloob ng 6,400 ektaryang lupang sakahan sa Pinggot, Ilog, Negros Occidental kay Cojuangco. Ayon sa upisyal na rekord, ang lupa ay gagamitin sa pagsusulong ng mga proyekto ng gubyerno hinggil sa produksyon ng prutas at pagpoproseso ng *woodpulp*. Alinsunod rito, nagbuhos ng P1 bilyon mula sa kabang bayan ang rehimeng Estrada. Ngunit sa katunayan, ang kakontra ni Danding sa lupa ay ang Yves Saint Laurent (YSL), isang korporasyong Pranses na gumagawa ng pabango. Gagamitin ang lupa para tamnan ng ilang-ilang. Ang mga magsasaka ay inalok ni Danding ng P140 arawang sahod at 30% “sosyo” sa Agro-Fruit Corporation (pag-aari rin ni Cojuangco), at binantaang palalayasin kung hindi sasang-ayon.

Pinasidhi ng naturang proyekto ang hirap nang kalagayan ng mga magsasaka. Dahil binili na ng YSL ang eksklusibong karapatan (*patent*) na magtanim, magparami, magproseso at magbenta ng ilang-ilang, pinagkakaitan nito ng karapatan ang sinuman – kabilang na ang mga maralitang magsasaka ng Barangay Pinggot — na gamitin ang ilang-ilang bilang isang tradisyunal na halamang gamot.

Imbes na bahaginan ng lupa at tulungang makapagpaunlad ng mga impra-strukturang pansaka ang mga magbubukid, nagbuhos ng malaking halaga ang gubyernong Estrada upang ibayo pang patatagin ang monopolyo ni Danding sa Negros. Pang-kumpleto ng larawan ang paghirang ni Cojuangco kay Nehemias dela Cruz, isang “sumukong rebelde”, bilang pinuno ng Agro Fruit Corp. Si dela Cruz ang nanguna sa ►

**ANG IMPLEMENTASYON
NG “CORPORATIVE
SCHEME” NI DANDING
COJUANGCO AY
PATUNAY NG SABWATAN
NIYA AT NG REHIMENG
US-ESTRADA UPANG
MABAWI NI COJUANGCO
ANG KANYANG NAKAW
NA YAMAN AT LUBUSAN
SIYANG
MAKAPANUMBALIK SA
KAPANGYARIHAN.**

Usaping “coco levy”:

Lutong Danding pa rin

Sa ilalim ng gubyerno ng utusan niyang si Estrada, paisa-isang binabawi ni Danding Cojuangco ang bilyun-bilyong pisong ninakaw niyang yaman. Niluluto ngayon ang “kasunduan” hinggil sa pondong *coco levy* upang tuluyang mapasakamay ito ni Cojuangco.

Ang pondong *coco levy* ay naipon mula sa buwis na pwersahang kinolekta ng diktadurang Marcos sa mga magniniyog mula 1972 hanggang 1983. Tinatayang umaabot na sa P100 bilyon ang halaga nito sa kasalukuyan. Pinangangasiwaan ito ng United Coconut Planters Bank, na pag-aari ni Danding.

Upang “mapagsilbihan ang kapakanan ng mga magsasaka”, nilalaman ng kasunduan ang sumusunod: “Ipagkakaloob” ni Cojuangco sa mga magniniyog ang kanyang 27% sapi (P40 bilyon) sa San Miguel Corporation (SMC), mapasakanya lamang muli ang 20% sapi (P30 bilyon) sa naturang kumpanya. Ang kabuuang 47% sapi ni Danding sa SMC ay sinekwester ng gubyerno noong 1986 batay sa mga katibayang nagpapatunay na ang pondong *coco levy* ang ipinambili sa mga naturang sapi.

Kapag natupad ang “kasunduan,” P30 bilyon ang ibubulsa ni Danding kasabay ng pagpapatibay ng kanyang mayoryang kontrol sa SMC. Samantala, ang P40 bilyon ay ipamumudmod diumano sa may 3.6 milyong magniniyog. Subalit tiyak na gagawa ng paraan ang tusong asendero-kumprador upang makopo pa rin ang P40 bilyon.

Ang bukambibig ni Erap at Danding na “para sa mga magsasaka” ang “kom-promisong kasunduan” ay ginagamit lamang upang pagtakpan ang sa aktwal ay pagbawi ng pusakal na kroni sa mga nakaw niyang yaman. Katunayan, walang papel ang mga magniniyog sa pagbubuo ng kasunduang niluluto ng Malakanyang at ni Danding.

Papaano man pagbali-baligtarin, ang mga maliliit na magniniyog ang may karapatan sa pondong *coco levy*. Ang pagkait sa kanila nito ay tiyak na magpapasiklab ng malawakang galit at paglaban. **AB**

Pag-iral ng mga kartel:

Monopolyo sa industriya ng asukal at iba pang pangunahing tanim

Nagpipista at mas mabilis na nakapagkakamal ng yaman ang mga lokal at dayuhang kapitalista dahil sa masugid na pagpapatupad ng rehimeng US-Estrada sa mga imperyalistang patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon. Ang mga patakarang ito na ipinapataw ng Asia Pacific Economic Cooperation at ng General Agreements on Tariffs and Trade-World Trade Organization ay naglulugmok sa mamamayang Pilipino sa kasalatan, gutom at kahirapan.

Iskandaloso ang partikular na kaso ng pang-aabuso ng mga kartel sa asukal na nakikipagsabwatan sa Sugar Regulatory Authority sa tuwing may mga pabigla-biglang pagbabago sa pandaigdigang pamilihan. Madalas na sumisingaw ang maanomalyang pamamakyaw ng mga kartel sa asukal.

Lumalakas ang monopolyo sa industriya ng asukal sa buong bansa. Inaamo at kinakanlong ng reaksyunaryong guberno ang mga burukrata, negosyante at asenderong siyang kumokontrol sa mga naturang kartel.

Imbes na mamuhunan sa pagpapaunlad ng kanilang sariling tubuhan, pinipili ng mga kumprador-asendero na mag-angkat na lamang ng naproseso nang asukal. Mas malaki ang tubo na nahuhuthot nila sapagkat monopolisado nila ang pamamahagi at pagpapresyo sa inangkat na asukal.

Isang pangkaraniwang kaso na lamang ito: May 2,000 ektaryang tubuhan sa Nasugbu, Batangas na ▶

◀ “pangungumbinsi” sa mga magsasaka na magtrabaho para kay “Boss Danding”. Nang magprotesta ang mga magbubukid, madaling winalang-bahala ni Cerilles ang mga ito, at sinabing hindi naman kabilang ang mga nagpoprotesta sa “Pinggot AgroForestry Development Association”, isang “kooperatiba ng mga magbubukid” na inorganisa ni Danding.

Gayundin, sa Kabankalan, Negros Occidental, pinalalayas ang 7,000 magbubukid mula sa pampublikong kolehiyong Negros Occidental Agricultural College (NOAC), upang bigyang-daan ang Tri-Partners, Inc.(TPI). Ang TPI ay isang pribadong kumpanya na nagtatanim ng mga puno ng kape para sa Nestlé, isang higitang korporasyon sa agribisnes. Ang mga naturang magbubukid ay may kontrata sa DENR (batay sa Proclamation 459) para sa isang proyekto sa *reforestation*, subalit winalang-bahala ito ng DENR. Bagkus, kinatigan nito ang 10-taong kontrata ng pagpapaupa sa TPI ng 1,000 ektarya ng lupa. Walang kaabug-abog na pinalalayas ang mga apektadong magsasaka.

Maging ang mga paaralan ay hindi ligtas sa kuko ng “corporate scheme”. Napag-alaman na ang Nestlé ang magsusuplay ng mga buto ng kape at magsasanay sa mga estudyante ng NOAC sa kanilang *practicum*. Sa gayo’y libre nilang magagamit sa negosyo ang mga estudyante sa panahon ng kanilang pagsasanay. Mayroon ding tiyak na mapagkukunan ang Nestlé ng mga *skilled worker* para sa mga subsidyaryo nito – tulad halimbawa ng 500-ektaryang United Equity Corp., isang plantasyon ni Roberto Benedicto, na dati ring kroni ni Marcos.

Patuloy na pambobola ni Estrada

Ang “corporate scheme” ay desperadong pagtatangka ng rehimeng Estrada upang pagtakpan ang lalong sumisidhing pyudal at malapyudal na pagsasamantalang dinaranas ng mga magsasaka sa ilalim ng reaksyunaryong sistema:

Nagpapatuloy na pagpapalit-gamit ng mga lupang sakahan. Kamakailan, iniutos ni Estrada na itigil ang lahat ng kumbersyon ng mga bukirin upang matiyak ang “seguridad sa pagkain”. Subalit todo-todo namang itinutulak ang AO 9, AFMA at mga kaugnay na patakaran na nagbibigay ng 100% kalayaan sa mga lokal at dayuhang kapitalista na wasakin ang mga lupang sakahan at mga kagubatan para sa pagtatanim ng mga *cash crop*, pagmimina, *real estate development* at iba pang negosyo.

Noong 1998 pa lamang, mahigit kalahati na ng 2.3 milyong ektaryang palayan ang isinailalim na sa pagpapalit-gamit. Kayat katawa-tawa ang bukambibig ng Department of Agriculture na gagawing numero-unong taga-eksport ng bigas ang bansa sa 1999. Katunayan, noong 1998 ay kinailangang mag-angkat ng napakamurang produktong agrikultural upang punan ang kakulangan sa produksyon.



Malawakang pangangamkam ng lupa. Bukambibig din ng kontra-mamamayang administrasyon na sa loob ng ilang taon ay makukumpleto na ang target na lawak ng mga lupang ipamamahagi sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Subalit buong-layang nangangamkam ng lupang sakahan ang pinakamalalaking lokal at dayuhang negosyante sa *real estate* gaya nina House Speaker Manuel Villar, Sen. Juan Ponce Enrile at pamilya Ayala, at ang mga *real estate conglomerate* tulad ng Manila Southcoast Development Inc., Sta. Lucia Realty at Berenguer Estate. Kabilang din sa pangunahing mang-aagaw ng lupa ang pinakamasisibang dating kroni ni Marcos at mga multinasyunal. Samantala, sa Negros Occidental, Bukidnon, Samar, Laguna, Batangas, Bulacan at iba pang bahagi ng bansa, parami nang parami ang mga lugar kung saan maramihang binabawi ng DAR ang mga iginawad na nitong Certificate of Land Ownership Award sa ilalim ng CARP upang bigyang-daan ang pangangamkam.

Pribatisasyon ng NIA at pagkapon sa NFA. Bubuhusan umano ni Estrada at Edgardo Angara ng pondo ang sektor ng agrikultura sa bansa upang mapatatag at mapaunlad ang mga imprastruktura nito. Pero sa halip, pinakitid ni Estrada ang saklaw ng gawain ng National Food Authority (NFA) at isinapribado ang National Irrigation Administration (NIA).

Ang NFA ay ginawa na lamang tagasubaybay sa mga presyo ng mais at bigas, at inalisan ng kapangyarihang isaayos ang distribusyon ng mga pangunahing butil sa pambansang saklaw. Nagresulta na ito sa pagkabulok ng tone-toneladang mais sa Mindanao.

Ang pagsasapribado naman ng National Irrigation Administration ay nagresulta sa pagkakatanggal ng mga empleyado nito. Sa halip na pahasayin ng bagong pangasiwaan ang sitwasyon ng patubig para sa mga maralitang magsasaka, ang binibigyang-pakinabang ngayon sa irigasyon ay ang mga *golf course* at taniman ng *cash crop*.

Walang patutunguhan ang mga buladas ng makasenderong rehimeng Estrada kundi ang ibayong pagkalantad nito at ang sariling kasiraan. Balang araw, mismong ito ay hindi na makapapalag sa kalaliman ng sariling-likha nitong krisis, at wala itong magagawa kundi ang harapin ang naniningil na mamamayan, laluna ang masang magsasaka bilang pangunahing pwera.

Sa halip na magpalinlang sa bawat patakaran, iskema o proyektong inihahain sa kanila ng guberno, ang mga magsasaka ay lalo lamang natututong sumandig sa kanilang lakas at sumulong sa landas ng rebolusyonaryong pakikibaka. Sa pagkakapit-bisig ng mga manggagawa, magsasaka at ng lahat ng aping uri at sektor ng lipunan, natitiyak hindi lamang ang katuparan ng tunay na reporma sa lupa, kundi ang ganap na panlipunang pagbabago. **AB**

◀nasayang dahil tinanggihan ng mga asenderong Roxas, Palico at Carmen ang tubo mula sa mga magbubukid. Napwersa ang huli na ibenta ang tubong nawawalan na ng tamis nang mas mura nang 10 beses sa orihinal na halaga. Kayang-kaya ng mga asenderong hindi bumili ng asukal mula sa maliliit na magbubukid dahil sa mas malaki pa nga ang tubong makakamal kapag sila'y nag-angkat. Minsan, binibili rin ng asendero sa napakamurang halaga ang mga bag ng asukal para itinda ang mga ito nang doble-presyo sa susunod na mga taon.

Kamakailan ay pinahintulutan ng rehimeng Estrada ang mga kartel na mag-angkat ng 154,000 metriko tonelada ng asukal na higit nang 242% sa pinahihintulutan ng batas na 45,000 metriko tonelada. Daan-daang libong manggagawang bukid ang nawalan ng trabaho sa Negros at Luzon nang dahil sa pagbaha ng inangkat na asukal, bukod sa nalugi ang maliilit na magtatanim.

Ipinasa rin ng Kongreso ang Agricultural Tariffication Act na nagpapahintulot sa mga dayuhang korporasyon sa agribisnes na makipagsabwatan sa mga lokal na kumprador-asendero sa pagpapalawak ng mga plantasyon. Layunin nito diumano na tulungang maging mas kumpetitibo sa pandaigdigang pamilihan ang maliliit na magtatanim. Ang totoo, ang batas na ito ay lalong nagbigay-puwang sa pangangamkam sa lupa ng huli. Sa gayon, lumalakas ang monopolyong kontrol ng iilang asendero sa industriya ng asukal. Nagaganap ito maging sa mga lupaing ipinamahagi na sa ilalim ng CARP.

Ang malalaking panginoong maylupang sina Yulo, Zobel, Roxas, Dolor at Manzano-Rubio-Lopez ang bumubuo sa kartel na nagtatanim at nagpoproseso ng tubo sa Cavite, Batangas at Laguna. Sadya nilang pinababagsak ang produksyon ng sarili nilang mga pabrika ng asukal dahil sa pagpapalit-gamit nila ng kanilang mga tubuhan sa ibang negosyo gaya ng *real estate development*, *agro-forestry* at iba pa. Ang malawakang pagpapalit-gamit ng mga lupang sakahan ay integral sa proyektong Calabarzon. Kadalasan, mismong ang Department of Agrarian Reform ang ▶

Ika-1 ng Oktubre 1999:

Ipagdiwang ang ika-50 anibersaryo ng tagumpay ng Rebolusyong Tsino!

Sa Oktubre 1, gugunitain ng sambayanang Tsino at lahat ng proletaryong rebolusyonaryo sa buong daigdig, kabilang ang Partido Komunista ng Pilipinas, ang ika-50 anibersaryo ng tagumpay ng Rebolusyong Tsino sa pamumuno ni Kasamang Mao Zedong at ng Partido Komunista ng Tsina.

Gamitin nating pagkakataon ang pagdiriwang na ito upang balikan ang mga aral sa pagsusulong ng dalawang-yugtong rebolusyon sa Tsina; kundenahin at itakwil ang modernong rebisyonismo at ang kasalukuyang monopolyo burukratang kapitalistang rehimen sa Tsina; ilantad ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista; at muling pagtibayin ang nagpapatuloy na kawastuan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at ng sosyalismo.

Nagtagumpay noong 1949 ang demokratikong rebolusyon sa Tsina na pinamunuan ng Partido Komunista ng Tsina. Pinalaya nito ang sang-anim ng mamamayan ng buong daigdig mula sa pagsasamantalang pyudal at paghaharing imperyalista. Nagdulot ito ng napakalaking bigwas sa pandaigdigang sistemang kapitalista. Nagbigay inspirasyon at tanglaw ito sa mga aping mamamayan sa iba't ibang panig ng mundo na labanan ang



◀ bumabawi sa mga sertipiko ng pagmamay-ari na iginawad na nito sa mga magsasaka.

Ayon sa pahayag ng National Federation of Sugar Workers, 4% lamang ng lahat ng mga magtatanim ng tubo ang mga asenderong may-ari ng mahigit 50 ektarya. Gayunpaman, kontrolado nila ang 78.6% ng higit sa kalahating milyong ektaryang tubuhan sa buong Pilipinas. Sa Negros pa lamang, 9,000 ektarya na ipinailalim na sa CARP ang marahas na inagaw muli ng mga asendero.

Gayundin, hinahataw ng todo-todong liberalisasyon ang maliliit na lokal na magtatanim ng palay at mais.

Ang pagkabulok ng may 300,000 metriko toneladang mais sa Mindanao ay nagpabagsak sa presyo ng naturang produkto sa P4 bawat kilo. Napipilitan ang mga magtatanim ng mais na pumayag sa ganitong presyong takda ng mga komersyante-asendero dahil tumigil na ang National Food Authority sa pagbili ng bigas at mais.

Kulang sa mga gamit pansaka at *post-harvest facility* gaya ng bilaran ng palay ang karamihan sa

mga magbubukid. Isang dahilan din ito ng pagkabulok ng kanilang produkto, na sinasamantala ng mga komersyante para baratin ang mga magsasaka. Bukod rito, nasasapawan ang lokal na butil ng dumadagsang inangkat na palay at mais na pinahintulutang iangkat nang walang taripa o buwis (*importation on a duty-free basis*). Masahol pa, bilang kundisyon sa pagpapautang, pinagbabawalan ng World Bank ang gubyerno na magbigay ng subsidyo sa mahihirap na magsasaka. Dahil dito, napipilitan ang mga maralitang magbubukid na umupa ng mga gamit pansaka mula sa mga komersyante-usurero, bagay na lalong naglulubog sa kanila sa kumunoy ng pagkakautang. Samantala, dahil hindi pa rin nalulutas ang suliranin sa pagkabulok ng mga produkto, ginagawa itong dahilan ng gubyerno upang magpanukala ng panibagong pag-aangkat.

Hangga't nananatili ang reaksyunaryong estado na nangangayupapa sa interes ng imperyalistang amo nito at nagtatanggol sa paghaharing pyudal at malapyudal ng uring panginoong maylupa, tiyak na mag-iibayo pa ang pambubusabos sa masang magbubukid. ■

kolonyalismo at malakolonyalismo at kamtin ang pambansa at panlipunang paglaya.

Itinatag noong 1949 ang demokratikong gubyernong bayan sa Tsina na nasa ilalim ng pamumuno ng diktadura ng proletaryado. Nilubos ang demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng pagsasakatuparan ng reporma sa lupa at mga patakarang pan-transisyon na nagbigay-puwang sa paglahok ng panggitna at maliit na burgesya sa pagpapatatag ng demokratikong republika.

Sa pamamagitan ng pamumuno ng Partido Komunista ng Tsina, natiyak na ang mga patakarang ito ng demokratikong rebolusyon ay maglalalatag ng daan para sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon.

Mula noong katapusan ng dekada '50 hanggang 1976, nagpunyagi ang Partido at ang daan-daang milyong mamamayang Tsino na itatag ang sosyalistang lipunan alinsunod sa mga prinsipyong Marxista-Leninista. Sa panahong ito, natamo ng mamamayang Tsino ang di pa napapantayang mga pagsulong sa larangan ng pulitika, ekonomya, kultura at iba't ibang aspeto ng buhay panlipunan.

Binigo ang samut-saring mga pagtatangka ng mga modernong rebisyunista na ibagsak ang diktadura ng proletaryado, baligtarin ang mga tagumpay ng rebolusyong Tsino at panumbalikin ang kapitalismo. Tinukoy ni Tagapangulong Mao Zedong na ang pangunahing kontradiksyon sa lipunang sosyalista ay ang makauring tunggalian ng uring manggagawa at burgesya. Sa ilalim ng sosyalistang lipunan, nakasisibol muli ang malaking burgesya sa pamamagitan ng di nagpapanibagong-hubog na mga elementong petiburges sa loob ng Partido at estado na nagpapalaganap ng kaisipan at mga patakarang makabagong rebisyunismo, na kung di itinakwil at iwinasto ay maaaring tumungo sa burukratismo, pasismo at sa pagbagsak ng proletaryong diktadura.

Kayat upang patuloy na tumatag at sumulong ang sosyalistang rebolusyon, isinaad ni Tagapangulong Mao ang teorya ng

pagpapatuloy ng rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado upang gapiin ang modernong rebisyunismo at hadlangan ang panunumbalik ng kapitalismo.

Ang kawastuan ng teoryang ito ay ipinamalas sa praktika ng Dakilang Proletaryong Rebolusyon sa Kultura noong 1966-76 na nagpakilos sa milyun-milyong mamamayan sa isang rebolusyonaryong unos, nagpabagsak sa mga modernong rebisyunistang nasa poder at nagsanggalang sa mga tagumpay ng sosyalistang rebolusyon.

Nang pumanaw si Tagapangulong Mao, nakapanumbalik sa poder ang mga modernong rebisyunista sa pamamagitan ng mga maniobra at direktang paggamit ng kontra-rebolusyonaryong dahas laban sa diktadura ng proletaryado. Agad-agad ay binaligtad ang mga sosyalistang patakarang. Binigyan ang burgesya ng papalaking bahagi sa pulitika at ekonomya, bagay na muling nagbukas sa Tsina sa pagsasamantalang imperyalista. Ang lahat ng ito'y mga kapitalistang patakarang ikinubli sa likod ng karatulang "sosyalista".

Hinog ang mga kundisyon sa Tsina para muling sumiklab ang rebolusyonaryong pakikibaka sa pamumuno ng proletaryado. Dulot ng mga patakarang ng mga modernong rebisyunista, ang Tsina ay bumagsak na sa antas ng isang malakolonya. Ang daan-daang milyong mga manggagawa at magsasaka ay hinahagupit ng mga patakarang nakatuon sa pag-akit ng dayuhang mamumuhunan. Muling nakokonsentra sa

kamay ng iilan ang lupa at itinatransporma ang malalawak na lupain sa mga sonang pang-eksport. Ang tinatanggap na sahod ng mga manggagawang Tsino ang pinakamababa sa buong mundo. Daan-daang milyon ang walang hanapbuhay sa kanayunan at kalunsuran. Malalawak na bahagi ng kanayunan ang niyayanig ng mga pag-aalsang magsasaka habang tumitindi ang mga welga at iba pang anyo ng protesta sa mga kalunsuran.

Sa pagdiriwang ng ika-50 taong anibersaryo ng tagumpay ng rebolusyong Tsino, naaangkop na ihambing ang mga pagsulong na dinanas ng Tsina noong 1949-76 sa ilalim ng diktadura ng proletaryado

sa kasalukuyang krisis sa ilalim ng paghahari ng mga burukratang kapitalista. Upang maisagawa ito, napakahalagang yakapin ang mga aral sa pagsusulong ng dalawang-yugtong rebolusyon, laluna ang mga pamanang teorya ni Tagapangulong Mao sa kanyang paglalahom ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon sa Tsina. Ito ang ating sandata upang ilantad ang kasinungalingan ng kontra-rebolusyonaryong propaganda ng mga imperyalista na naglalarawan sa kasalukuyang Tsina bilang isang modernong bansa at sa dating sosyalismo bilang primitibismo.

Lalong pinatatampok ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng labis-labis na paghihikahos ng mga manggagawa at magsasaka bunga nito ang lubos na katumpakan ng pagsulong ng mga rebolusyong demokratiko at sosyalista. Ang tagumpay ng rebolusyong Tsino noong 1949 ay patuloy na nagbibigay-tanglaw sa mga aping mamamayan sa buong daigdig. Mananatili itong sulo sa pagsulong natin kasabay ng panibagong malakihang agos ng mga demokratiko at sosyalistang rebolusyon sa buong mundo. ■

14 NA ARMAS NASAMSAM SA AMBUS SA MASBATE

Labing-apat na armas na iba't ibang kalibre ang nasamsam samantalang apat na pulis ang napaslang sa isang ambus na inilunsad ng mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan. Dalawang pulis at dalawang elemento ng Citizens' Armed Forces Geographical Unit din ang nasugatan sa naturang ambus. Ang pananambang ay isinigawa laban sa isang siyam-kataong tim ng Philippine National Police noong umaga ng Agosto 2 sa Sityo Batog, Barangay Balite sa Aroroy, Masbate. Nasamsam mula sa ambus ang anim na M16, dalawang garan, dalawang .45 na pistola at apat na .38 rebolber.

PAGSALBEYDS SA TIMOG MINDANAO KINUNDENA

Kinundena ng National Democratic Front, mga grupong simbahan, mga kagawad ng midya at iba pa ang isa na namang garapal na paglabag sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na isinagawa ng Armed Forces of the Philippines.

Mariing kinundena ang pagsalbeyds sa isang kadre ng Partido, isang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at dalawang upisyal ng isang minahan sa Compostela Valley. Ayon sa isang *fact-finding mission* na isinagawa ng simbahan, sina Godofredo Guimbaolibot (Ka Paking), Rolando Jubahib (Ka JR), Edwin Asion at Mariano Diamante ay dinukot noong Agosto 2 ng hapon sa Barangay Ngan, Compostela ng mga elemento ng 60th IB na pinamunuan ni Tin. Rolando Cateel. Sakay ang apat sa isang Nissan *pickup* nang sila'y arestuhin. Sa kabila ng malinaw na katayuan nina Ka Paking at Ka JR bilang *hors d'combat*, at sa kabila rin ng pagbabawal ng CARHRIHL na gawing target sa armadong labanan ang mga sibilyang tulad nina Asion at Diamante, ang apat ay tinortyur at pinagpapatay kinagabihan sa isang liblib na bahagi ng Davao-Agusan *highway* sa Barangay Tuburan, Mawab habang dinadala diumano ng mga sundalo sa himpilan ng 701st Brigade.

Si Ka Paking ay kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas sa rehiyon ng Timog Mindanao samantalang si Ka JR ay isang medik ng BHB. Si Asion naman ay inhinyero at *operations manager* ng Bullex Mining at si Diamante ay *supply officer* ng naturang minahan.

Hindi tinanggap ng midya ang di-kapanipaniwalang pahayag ng militar na tinangkang agawin ni Ka Paking ang Armalayt ng isang sundalo kung kayat ang apat na bihag ay pinagbabaril. Iginiit ng mga testigo na nakatali sa kanyang likuran ang mga kamay ni Ka Paking mula nang ito'y

arestuhin kaya't hindi ito makapanlalaban.

Sa kaugnay na balita, nagpaabot ng pakikiramay at pakikiisa ang Workers' Party of Belgium sa mga kasama at pamilya ni Ka Paking. Pinuri ng partido si Ka Paking bilang isang "lider rebolusyonaryo na maunawain at mapagkalinga, mapaggabay at nakapagpapasigla". Anito, "nakatitiyak kami na malaki ang naiambag ng naging buhay, pakikibaka at pagkamartir ni Ka Paking sa pagpapalakas ng rebolusyon hanggang sa tagumpay."

BINATIKOS: ISTRAPING, BLOKEO NG PAGKAIN SA NEGROS ORIENTAL

Binatikos ni Frank Fernandez, dating tagapagsalita ng National Democratic Front, ang paglabag ng mga elemento ng Philippine Army at Citizens' Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) sa karapatang-tao ng mga sibilyan sa Negros Oriental. Sa isang pahayag sa midya, kinundena ni Fernandez ang pamamaril at pananakit ng mga sundalo at CAFGU sa mga sibilyan sa Barangay Trinidad, Guihulngan, Negros Oriental pagkatapos ng isang labanan nitong Agosto 15 na ikinamatay ng anim na tropa ng militar. Isa ring Pulang mandirigma ang namatay sa engkwentro.

Ayon kay Fernandez, pinagbabaril ng mga sundalo ang bahay ni Patricia Quirante, naninirahan sa naturang barangay. Nasugatan sa istraping ang limang taong gulang na anak ni Quirante. Isa pang sibilyan, si George Villanueva, ang binugbog ng mga tropa. Bunga ng mga pananakot ng Philippine Army, ani Fernandez, marami nang taumbaryo ang napilitang lumikas mula sa kanilang mga tahanan. Mariin ding binatikos ng mga progresibong organisasyon sa Negros Oriental ang ipinataw na blokeo sa pagkain ng 33rd IB sa mga baryo ng Hinumayan, Amomoyon at Cabulay sa Guihulngan pagkatapos ng naturang labanan.

PAGWAWASTO: Sa isyung Mayo-Hunyo 1999, ibinalita ng **AB** na isang sundalo ng 3rd Special Forces Battalion ng Philippine Army ang napatay at tatlo ang nasugatan sa ambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Barangay Mainit, Bontoc, Mountain Province noong Hunyo 21. Ayon sa pinakahuling mga ulat mula sa Leonardo Pacsi Command, ang yunit ng BHB na kumikilos sa naturang prubinsya, limang sundalo ang patay at tatlo ang sugatan sa pananambang. Ayon pa rin sa ulat, ang ambus ay pagpaparusa sa mga sundalong idineploy upang depensahan ang mga dayuhang minahan sa Mountain Province.